5013.08
Tagalog
06/26/02

Disability
Rights
California

PAKETE NG MAKATARUNGANG PAGDINIG PARA SA IHSS AT SARILING PAGTASA

(IHSS FAIR HEARING AND SELF-ASSESSMENT PACKET)

Panimula

Ang paketeng ito ng impormasyon ay para tulungan kang katawanin ang iyong sarili at ibang mga tao sa mga makatarungang pagdinig kapag may di-pinagkakasunduan tungkol sa bilang ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (In-Home Supportive Services (IHSS)) o mga kailangan mong oras ng serbisyong personal na pangangalaga (personal care services (PCS)) ng Medi-Cal. Ang paketeng ito ng impormasyon ay tutulong din sa iyo na maghanda para sa unang pagtasa o taunang pagsusuri ng tagaserbisyo ng IHSS ng County. Ang mga pagbanggit sa IHSS sa paketeng ito ay karaniwang tumutukoy sa *pareho* ng mga Programang IHSS *at* sa Medi-Cal PCS.

Ang paggawa ng sariling pagtasa ay tutulong sa iyo na maunawaan kung ilang oras ang kailangan at ano ang sasabihin sa tagaserbisyong gumagawa ng pagtasa. Ang patnubay na ito ay hindi sumasakop sa lahat ng nauukol sa kung paano tumatakbo ang programang IHSS. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang IHSS, tawagan ang DRC at humingi ng *What About IHSS?(Ano ang IHSS?)*, Publikasyon bilang 5168.01 ng DRC. Mangyaring huwag mag-atubiling tawagan kami kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa ibang mga lugar na hindi natalakay ng patnubay na ito: kaugnayan ng Tulong sa Beterano at Pagdalo at IHSS, mga pangangailangang hindi natutugunan, pangangalagang sandaling ginhawa, "sobrang pagbabayad', at iba pa.

May apat na bahagi ang pakete.

1. Ang unang bahagi ay nagpapaliwanag kung paano maghahanda para sa pagtasa, kung paano hihingi at maghahanda sa isang pagdinig, at ano ang dapat asahan sa isang pagdinig.
2. Ang ikalawang bahagi ay isang kalipunan ng mga dahilan na ginamit ng tumatanggap ng IHSS upang ipaliwanag kung bakit kailangan nila ng higit na oras ng IHSS.
3. Ang ikatlong bahagi ay naglalaman ng mga papel ng dapat malaman tungkol sa mga ispesipikong serbisyo ng IHSS: IHSS para sa mga bata, Nangangalagang Pangangasiwa, Mga Serbisyong Paramedikal, at IHSS para sa mga taong may mga disabilidad na pangkaisipan.
4. Ang ikaapat na bahagi ay isang papel ng gawain para sa pag-alam ng mga oras na kailangan mo.

Hinihimok ng DRC ang pagkopya sa dokumentong ito.
TALA: And dokumentong ito ay palagiang isinasapanahon.
~~Tiyakin na nakuha mo ang pinakahuling bersiyon.~~

I. ANG PAGTASA AT PARAAN NG MAKATARUNGANG PAGDINIG

A. Ang pagtasa

Nang una kang mag-aplay para sa IHSS, hindi kukulangin sa minsan sa isang taon, at anumang oras na hilingin mo ito, ikaw ay magkakaroon ng pagtasa ng county. Ang tagaserbisyo ng county ay pupunta sa iyong bahay at aalamin kung sa anong mga serbisyo karapat-dapat ka at ilang oras ang tatanggapin mo kada buwan. Dapat gawin ng county ang pagtasa sa loob ng 30 araw pagkaraang hilingin mo ito.

1. Paano Susukatin ang Pangangailangan ng IHSS

a. Pamantayan Ayon sa Batas at Regulasyon

Ang pangkalahatang pamantayan para sa pagsukat ng indibidwal na pangangailangan para sa mga serbisyong IHSS (kung ang taong may disabilidad ay hindi makaganap ng mga kailangang serbisyo dahil sa kanyang disabilidad)[1] ay nakalagay sa Seksiyon 12300 ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code). Ang taong may disabilidad ay karapat-dapat tumanggap ng mga serbisyo na nagbibigay sa kanya ng kakayahang (1) manatiling ligtas sa kanyang bahay o sa tirahan na pinili niya, at/o (2) itatag at panatilihin ang kaayusan para sa independiyenteng pamumuhay. Ang oras na iaawtorisa ay batay sa oras na kailangan ng iyong tagapagkaloob upang gawin ang mga gawaing inawtorisa. Walang oras na iaawtorisa para sa mga serbisyo na tanging para sa "kaginhawahan"ng tumatanggapng IHSS. Ang pinakamaramingbilang ng mga oras ay 283 kada buwan.

b. Mga Patnubay ng Estado sa Oras-sa-Gawain

May mga patnubay ng estado sa "oras-sa-gawain":

i. mga domestikong serbisyo, 6 na oras sa isang buwan;

ii. paglalaba kung ang mga pasilidad ay nasa gusali, 1 ora kada linggo;

iii. paglalaba kung kailangan mong lumabas ng gusali, 1-1/2 oras kada linggo;

iv. pamimili ng groseri, 1 oras kada linggo;

v. ibang mga nilalakad 30 minuto kada linggo.

---

[1] Hindi mo magampanan ang mga kailangang serbisyo kung ang pagganap ay nagiging sanhi ng sakit o hapdi.

Pangkaraniwan, ang patnubay sa oras-sa-gawain ay babawasan kung may higit sa isang tao sa sambahayan. Halimbawa, sa isang pamilya ng apat ang angkop na kabahagi sa mga domestikong serbisyo ng taong may disabilidad ay 1.5 oras kada buwan.

Kinikilala ng mga regulasyon na ang mga patnubay sa oras-sa-gawain ay maaari lamang gamitin kung angkop para matugunan ang indibidwal na katayuan ng tumatanggap. Ang Bahagi II ng paketeng ito ay nagkakaloob ng mga paglalarawan tungkol sa kung kailan ang patnubay ay hindi angkop dahil sa mga indibidwal na kalagayan.

c. Talaarawan

Ang pangunahing bahagi ng paghahanda para sa isang makatarungang pagdinig o para sa pagsusuri ng tagaserbisyo ng IHSS ng County ay isang talaarawan ng ginawa bawat araw at kung ilang oras ang kinailangan sa bawat gawain. Nalaman namin na madalas na hindi nauunawaan ng mga tao ang lahat ng gawaing kaugnay ng pangangalaga at ang tagal ng oras na ginugugol sa gawain. Halimbawa, kung may mga aksidente sa banyo, ang oras ng paglilinis (na bahagi ng pangangalaga ng pagdumi at pag-ihi) ay hindi ang oras lamang sa paglilinis, kundi gayon din ang oras na kailangan upang kunin ang mga gamit sa paglilinis at upang muling itago ang mga ito. Kung may kaugnay na likido o pagdumi, kailangan mong isama ang karagdagang oras na kaugnay ng pagsunod sa mga pangkalahatang pag-iingat. Gayon din, ang oras na kailangan para sa mga partikular na gawain may maaaring iba sa bawat araw. Halimbawa, maaaring mangailangan ng oras na doble sa naunang araw upang bihisan ang isang taong may spastic quadriplegia cerebral palsy sa kasunod na araw dahil sa mga pagkakaiba ng kakayahang kumilos. Ang pag-aawtorisa ng IHSS ay ibabatay sa pangkaraniwang oras, kaya mahalagang malaman kung ilang oras ang maaaring kailanganin para matapos ang gawain.

2. Paggawa ng Sarili Mong Pagtasa

Bago ang pagdinig, kumpletuhin ang papel ng gawain ng IHSS sa seksiyon IV. Ang papel ng gawain, tulad ng porma ng pagtasa ng County, ay batay sa isang-linggong takdang panahon maliban sa pagpasok para sa mga domestikong serbisyo para sa isang buwan. Ang mga oras ay kinakalkula batay sa 10:

.05 =	03 minuto	.40 =	24 minuto	.80 =	48 minuto
.08 =	05 minuto	.42 =	25 minuto	.83 =	50 minuto
.10 =	06 minuto	.45 =	27 minuto	.85 =	51 minuto
.15 =	09 minuto	.50 =	30 minuto	.90 =	54 minuto
.17 =	10 minuto	.55 =	33 minuto	.92 =	55 minuto
.20 =	12 minuto	.58 =	35 minuto	.95 =	57 minuto
.25 =	15 minuto	.60 =	36 minuto	1.00 =	60 minuto

.30 =	18 minuto	.65 =	39 minuto	2.00 =	120 minuto
.33 =	20 minuto	.70 =	42 minuto	3.00 =	180 minuto
.35 =	21 minuto	.75 =	45 minuto	4.00 =	240 minuto
				5.00 =	300 minuto

Mas madaling gawin ang mga kalkulasyon kung nagkukuwenta ka sa mga minuto at saka isalin sa mga oras at minuto sa ikasampung bahagi. Halimbawa, kung ang oras ng pagtulong nasa hugasan man o wala at paghawak habang nasa hugasan upang huwag matumba, at ang mga kaugnay na gawain tulad ng paghuhugas ng kamay, pangkaraniwang 6 na minuto, at ang karaniwang dalas ay 5 beses sa isang araw sa mga karaniwang araw kapag malayo sa paaralan o sa programang pagsasanay at 7 beses sa isang araw sa araw ng Sabado at Linggo, ang lingguhang oras ay (5 x 6 minuto x 5 araw) + (7 x 6 minuto x 2 araw) = 234 minuto = 3 oras 54 minuto = 3.9 oras.

Panghuli, sa isang nakahiwalay na piraso ng papel kailangan mong isulat ang mga dahilan kung bakit naniniwala kang kailangan mo ng higit na oras ng IHSS. Upang tulungan ka, ang seksiyon II ng paketeng ito ay isang listahan ng "Mga Dahilan Kung Bakit Kailangan ang Higit na Oras ng IHSS" na nakita namin sa mga indibidwal na kaso. Ang ilan sa mga dahilang ito ay maaaring gamitin sa iyong kaso.

3. Paghahanda para sa Pagtasa ng County

Ang layunin ng tagaserbisyo ng County para sa pagbisita sa bahay ay upang alamin kung ano ang kayang gawin o hindi kayang gawin ng aplikante para sa sarili at, dahil dito, anong mga serbisyo ang kailangan at ang oras na kailangan upang gampanan ang mga serbisyong ito. Ang iyong trabaho ay tulungan ang tagaserbisyo ng County na maintindihan ang lahat ng iyong mga problema sa pangangalaga at ang mga pangangailangan ng espesyal na pangangalaga at ilan ang kailangang oras. Mahalagang maging prangka at bukas. Huwag mamaliitin ang iyong mga problema sa disabilidad at ang mga pangangailangan ng pangangalaga dahil maaaring hindi mo makuha ang mga oras na kailangan mo. Kahit na maaari kang mahiyang gawin ito, mahalagang lubos na ipaliwanag ang mga bagay upang maintindihan ng tagaserbisyo ng County ang iyong kalagayan.

Bago dumating ang tagaserbisyong IHSS ng County, inirerekomenda namin na sagutan mo ang papel ng gawain ng IHSS sa seksiyon IV ng mga oras na sa palagay mo ay kailangan mo. (Tandaan, iaawtorisa lamang ng County kung ano ang kailangan mo at hindi magpapahintulot ng karagdagang oras para sa mga "kaginhawahang" serbisyo. Ang isang halimbawa ng kaginhawahang serbisyo ay ang karagdagang pagpupunas upang ang maging maganda sa paningin ang mga bagay.) Dapat kang maghandang ipaliwanag ang iyong mga oras ng papel ng gawain: Ano ang mga gawaing ginaganap, paano mo pinagpapasiyahanang oras na kailangan, anong mga espesyal na dahilan ang kailangang isaalang-alang, at, kung kaugnay, bakit ang mga patnubay sa oras-sa-gawain ay hindi angkop para sa iyong kalagayan. Mabuting gumawa ng isang listahan upang wala kang malimutan.

Dapat kang maging handa na ipaliwanag kung paano mo ipinapasiya ang mga oras na kailangan, lalo na ang mga pagkakaiba ng inawtorisa ng County at kung ano ang pinaniniwalaan mong kailangan mo ngayon.

Bilang bahagi ng paraan ng pagsusuri ng County, ang iyong doktor ay padadalhan ng isang pormang humihingi ng impormasyon tungkol sa iyong kakayahang pangalagaan ang sarili, ang iyong mga kakayahan/disabilidad na gumanap, at – kaugnay ng pagpapasiya ng pangangailangan ng nangangalagang pangangasiwa – ang kalagayan ng iyong isipan. Kung kailangan mo ng mga serbisyong paramedikal, isang pormang paramedikal ang ipapadala sa iyong doktor. Dapat mong pasabihan ang klinika o opisina ng doktor na ito ay darating upang makalahok ka sa pagsagot ng porma.

4. Pagdokumento ng mga Espesyal na Pangangailangan

Kumuha ng dokumentasyon na nagpapatunay ng mga espesyal na pangangailangan – halimbawa, isang sulat mula sa iyong doktor na nagpapaliwanag na kailangan mo ng isang kapaligirang walang alikabok dahil sa mga alerhiya o mga problema sa baga/paghinga, isang sulat na nagpapatunay ng mga problema sa pagdumi at pag-ihi, o isang pangangailangang palitan ang mga sapin ng kama nang higit sa dalawang beses sa isang buwan. Kung kailangan mo ng mga ehersisyong abot-ng-galaw o ibang panlunas na pisikal (physical therapy), o mga iniksiyon, o paggamit ng catheter (catheterization), o pagsipsip (suctioning), atbp., kumuha ng mg porma mula sa iyong tagaserbisyo ng IHSS ng County para sa pagpapatunay ng doktor/therapist ng pangangailangan at pag-awtorisa para sa mga serbisyong **paramedikal.**

5. IHSS laban sa Programang mga Serbisyong Personal na Pangangalaga ng Medi-Cal (PCSP)

Ang IHSS at PCSP ay tumatakbo bilang isang programa. Ang batas na Medi-Cal na sumasakop sa mga serbisyong personal na pangangalaga ng Medi-Cal ay nagsasabi na ang mga tuntunin ng IHSS ay dapat sundin kapag nag-aawtorisang mga serbisyo. § 14132.95(i) ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon. Kapag sinasabi ng mga tao ang "IHSS" ang mga ito ay karaniwang nangangahulugan ng pareho ng IHSS at ng Medi-Cal PCSP. Karamihan sa mga serbisyo ng mga tao ay sakop ng Medi-Cal PCSP kung saan ang pederal na pamahalaan ay nagbabayad ng kalahati ng gastos sa mga serbisyo – kung paano nagbabayad ang pamahalaan para sa kalahati ng halaga ng ibang mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob ng asawa o magulang ng isang menor, o kung may maagang pagbabayad, ang mga serbisyo ay sakop sa ilalim lamang ng IHSS dahil sa mga tuntunin ng pederal na IHSS. Ang mga serbisyong nangangalagang pangangasiwa ay sakop din sa ilalim ng IHSS.

May pagkakaiba sa ilang kalagayan lamang. Kung ang isang tao ay may kitang napakataas upang maging kuwalipikado sa SSI pero maaaring maging kuwalipikado sa Medi-Cal na walang kabahagi ng gastos sa ilalim ng Programang Pederal sa Kahirapan ng Matanda at may Disabilidad (Aged & Disabled Federal Poverty Level Program) o sa bilang isang "Pickle", ang taong iyan ay malamang na magkaroon ng kabahagi ng gastos kung pinili niyang tumanggap ng maagang pagbabayad. Kung ang isang tao ay naging kuwalipikado para sa Medikal sa ilalim ng isa sa Mga Pagtalikdan sa Pasilidad ng Pag-aalaga (Nursing Facility Waivers) o sa ilalim ng Pagtalikdan para sa mga Taong may mga Disabilidad na Debelopomental (Waiver for Persons with Developmental Disabilities), ang taong iyan ay hindi kuwalipikado para sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng isang asawa, o kung isang menor, ng magulang.

6. Kapag ang Taong may Disabilidad ay May-asawa

Kung ang taong may disabilidad ay namumuhay na kasama ang asawa, ang asawa o sinumang iba pa ay maaaring magbayad sa tagapagkaloob ng IHSS ng mga personal na serbisyong di-medikal (tingnan ang kategorya 4 sa kalakip na porma ng papel ng gawain) at mga serbisyong paramedikal. Kung ang asawa ay umalis sa buong-oras na pagtatrabaho o napigilang kumuha ng buong-oras na trabaho dahil sa walang angkop na tagapagkaloob at, bunga nito, may panganib ng di-angkop, sa-labas-ng-bahay na paglalagay o di-sapat na pangangalaga, ang asawa ay maaari ring bayaran upang magkaloob ng nangangalagang pangangasiwa at upang samahan ang tumatanggap na may disabilidad kung kailangan para sa mga pakikipagtipang medikal. Kung ang asawa ay walang kakayahan o pagkakataon, ang mga ito at ang ibang serbisyo ng IHSS ay maaaring ipagkaloob ng iba. Ang "walang pagkakataon" ay kabilang ang oras kapag ang asawa ay wala sa bahay dahil sa trabaho o para sa ibang mahalagang dahilan, o kapag ang asawa ay natutulog o tumutugon sa mga pangangailangan ng ibang mga miyembro ng pamilya.

7. "Malubha ang Kapansanan"

Upang malaman kung ikaw ay kuwalipikado bilang isang tumatanggap na "malubha ang kapansanan," pagsamahin ang "mahahalagang" kategorya ng serbisyo na may asterisko (*) sa papel ng gawain. Kung sila ay may kabuuang 20 oras o higit sa isang linggo (kabilang ang mga serbisyong hindi ipinagkaloob sa pamamagitan ng IHSS)[2] ikaw ay kuwalipikado bilang malubha ang kapansanan.

[2] Ang angkop na pagtasa ay tumutukoy sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa pamamagitan ng mga pamalit na tagatulong – tulad ng tulong sa pangangalaga ng pagdumi at pag-ihi na ipinagkakaloob sa isang programang pang-araw. Upang malaman kung ang isang tao ay kuwalipikado bilang malubha ang kapansanan, bibilangin mo ang pareho ng mga oras ng serbisyong babayaran sa pamamagitan ng IHSS at ang mga oras ng serbisyong ipinagkakaloob nang walang gastos ang programang IHSS.

Kung ikaw ay may malubhang kapansanan, ikaw ay karapat-dapat (a) kumuha ng sarili mong tagapagkaloob ng IHSS o Mga Serbisyong Personal na Pangangalaga ng Medi-Cal kahit sa mga county na may nakakontratang ahensiya at (b) sa maagang pagbabayad upang mabayaran mo ang mga tagaserbisyo sa iyo sa halip na maghintay sa tagakuwenta ng estado upang magbayad pagkaraan.

Kung ikaw ay ipinasiyang nangangailangan ng nangangalagang pangangasiwa, kung ilang oras ng nangangalagang pangangasiwa ang tatanggapin mo ay depende kung ikaw ay "malubha ang kapansanan."

Kung ikaw ay ipinasiyang *hindi* malubha ang kapansanan at tumanggap ka ng mga serbisyong personal na pangangalaga ng Medi-Cal, tatanggap ka ng hanggang 195 oras ng nangangalagang pangangasiwa sa isang buwan sa kondisyong ang iyong mga oras ng nangangalagang pangangasiwa at ang iyong mga serbisyong personal na pangangalaga ng Medi-Cal ay hindi lalampas ng 283. Kapag lumampas ang mga ito, ang iyong mga oras ng nangangalagangpangangasiwaay babawasan upang ang maging kabuuan ay hindi lumampas ng 283 oras. Kung ikaw ay hindi karapat-dapat sa anumang oras ng personal na pangangalaga ng Medi-Cal at kuwalipikado lamang sa mga oras ng IHSS dahil ang iyong tagapagkaloob ay ang iyong asawa o iyong magulang kung ikaw ay isang menor o tumatanggap ka ng maagang pagbabayad, ang kabuuang oras mo ay hindi dapat lumampas ng 195 oras sa isang buwan.

Kung ikaw ay ipinasiyang malubha ang kapansanan, ang iyong mga oras ng nangangalagang pangangasiwa ay ang diperensiya sa pagitan ng iyong ibang mga oras (nasa ilalim man o hindi ng Medi-Cal o ng natitirang prograrmang IHSS) at 283 oras.

B. Ang paraan ng makatarungang pagdinig

1. PAANO HIHINGI NG PAGDINIG

Kung sinasalungat mo ang pagbawas ng mga oras o pagtatapos ng mga serbisyo, dapat kang humiling ng isang makatarungang pagdinig **sa loob ng 10 araw** pagkaraan ng petsa ng paunawa ng pagbawas, **o** bago magkabisa angg pagbawas, upang patuloy kang tumanggap ng lahat ng iyong oras hanggang matapos ang pagdinig.

Kung ikaw ay naniniwala na hindi ka binigyan ng sapat na oras, maaari mong salungatin ang desisyon ng county anumang oras. Gayunman, ang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan (AdministrativeLaw Judge) o ALJ ay maaari lamang magbigay sa iyo ng karagdagang oras na hanggang tatlong buwan bago ang pagdinig na hiniling mo. Kung humingi ka ng isang pagdinig noong Abril 15, ang ALJ ay makakabalik sa Enero 1. (Lagi kang may karapatang humingi sa iyong tagaserbisyo na muli kang tasahin kung sumasang-ayon siya na kailangan mo ng higit na oras. Kung sumang-ayon ang iyong tagaserbisyo, hindi mo na kailangan ng pagdinig.

Upang humiling ng pagdinig:

a. Sagutan ang likod ng porma ng paunawa ng aksiyon at ipadala sa address na ipinabatid, o

b. Magpadala ng liham sa:

IHSS Fair Hearing
State Hearings Division
Department of Social Services
744 P Street, Mail Stop 37-19
Sacramento, CA 95814

Ibigay ang iyong pangalan at numero ng pagkakakilanlan ng estado at sabihin na gusto mo ng makatarungang pagdinig dahil hindi ka naniniwala na ikaw ay binigyan ng mga oras na kailangan mo. Kung kailangan mo na ang pagdinig ay gawin sa iyong bahay, isama ito sa iyong kahilingan. Kung kailangan mo ng isang tagasalin ng wika o kung kailangan mo ng tagasalin para sa isang taong tetestigo para sa iyo (tulad ng iyong tagaserbisyo ng IHSS), isama rin iyan sa iyong kahilingan.

Puwede ipadala ang liham sa pamamagitan ng fax (bilang karagdagang sa pagpakoreo rito) sa 916-229-4110.

O

c. Tawagan ang walang-bayad na numero sa 800-743-8525 upang humiling ng isang makatarungang pagdinig.

2. IMPORMASYONG KAILANGAN MO UPANG MAKAPAGSIMULA

Lumikom ng impormasyon tungkol sa kung paano ipinasiya ng tagaserbisyo ng IHSS ng County ang mga oras na inawtorisa sa iyo.

a. Humingi sa iyong tagaserbisyo ng isang kopya ng mga pinakahuling porma ng pagtasa ng mga pangangailangan. Sa mga pormang ito ng county ay kabilang ang mga tala tungkol sa kung bakit ang mga oras ay inautorisa o hindi inautorisa. Humingi rin ng isang kopya ng pinakahuling porma ng SOC 293. Kabilang sa mga porma ng SOC 293 ang impormasyon tungkol sa pagmamarka ng pagganap tungkol sa kung ano ang kaya at hindi mo kayang gawin. Kung sinasalungat mo ang isang pagbawas, humingi ng mga kopya ng pareho ng iyong mga bago at lumang porma ng pagtasa ng county at ang iyong mga bago at lumang porma ng SOC 293.

b. Humingi ng kopya ng mga papel sa iyong talaan kung saan ang mga tala ay ginawa tungkol sa mga pakikipag-ugnayan at pagbisita sa iyo sa nakaraang taon.

c. Humingi sa iyong tagaserbisyo ng IHSS ng isang kopya ng mga patnubay sa oras-para-sa-gawain ng County. Tandaan, ang mga patnubay sa oras-sa-gawain ay hindi maaaring gamitin sa mga gawaing personal na pangangalaga.

d. Humingi sa iyong tagaserbisyo ng mga kopya ng anumang ulat ng doktor o ulat na medikal sa iyong talaan at para sa mga kopya ng anumang pormang paramedikal.

– – –

Tala: § 10850(c) ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon ay nag-aawtorisa sa DSS na mag-isyu ng mga regulasyon tungkol sa paggamit ng mga talaan ng kaso, kabilang ang paggamit ng mga talaan ng kaso ng mga aplikante at tumatanggap. Ang mga regulasyon ng DSS ay nasa Manwal ng mga Patakaran at Pamamaraan. Ang mga regulasyong ito ay nasa Dibisyon 19 (pagkakompidensiyal) at 22 (mga pagdinig ng estado) at makukuha sa internet sa www.dss.cahwnet.gov/ord/CDSSManual_240.htm. Ang mga regulasyong ito ay angkop din kapag ang mga serbisyong tinatanggap mo o hinahangad ay sakop sa ilalim ng programang mga serbisyong personal na pangangalaga ng Medi-Cal. § 14100.2 ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon; Batas sa mga Regulasyon ng California tit. 22 § 50111. Ang mga regulasyon sa paggamit ng estado ay namamayani sa anumang higit na nagtatakdang mga regulasyon ng County. § § 10850(c) at 14100.2(f) ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon. Kung nagkaproblema ka sa paggamit ng iyong talaan ng kaso, tawagan ang Protection & Advocacy.

Ang Manwal ng Patakaran at mga Pamamaraan DSS § 19-005.1 ay nagsasabi ng sinumang tumatanggap o aplikante, o ang kanyang inawtorisang kinatawan, ay maaaring magsuri ng talaan "na ginawa o iniingatan ng kagawaran ng kagalingan ng county kaugnay ng pagsasagawa ng programang pampublikong tulong." Magagawa mong suriin ang mga rekord na medikal sa iyong talaan. Tala ng § 19-006 ng Manwal ng DSS. Ang tanging mga tala na hindi mo makikita ay ang mga sakop ng isang ispesipikong "pribilehiyo" tulad ng pribilehiyo ng abugado-kliyente na hindi ikaw ang nag-aangkin. § 19-006 ng Manwal ng DSS. Tingnan din ang mga regulasyon ng pagdinig ng estado sa § 22-051 ng Manwal ng DSS. Ang kagawaran ng kagalingan ng county ay dapat kumopya para sa iyo ng anumang batas, mga materyal ng patakaran, o mga regulasyong kailangan upang maghanda sa isang pagdinig. § 22-051.3 ng Manwal ng DSS.

– – –

e. Kung binawasan ng IHSS ang iyong mga oras, humingi sa iyong tagaserbisyo ng IHSS ng mga kopya ng mga regulasyong nakalista sa iyong paunawa ng pagbawas.

f. Ang mga regulasyon ng IHSS ay nasa Manwal ng mga Patakaran at Pamamaraan ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan. Kung ikaw ay nakakagamit ng Internet, makikita mo ang mga regulasyon ng IHSS sa www.dss.cahwnet.gov/ord/CDSSManual_240.htm. May apat na tala sa mga regulasyon ng Dibisyon 30. Laktawan ang unang tala. Ang mga regulasyon ng IHSS ay nagsisimula mga 5 pahina sa ikalawang tala, nagpapatuloy sa ikatlong

tala, at nataapos sa ikaapat na tala. Makukuha mo rin ang mga liham na para sa Lahat ng County sa www.dss.cahwnet.gov/lettersnotices/AllCountyL_542.htm. Ang mga liham sa Lahat ng county ay mga direktibang ipinadadala ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan sa mga county. Ang mga liham ay sumasakop sa maraming programa; kaunti lamang sa mga liham ang tungkol sa IHSS.

3. Tagaserbisyo sa mga Apela ng County

Pagkasampa mo ng apela, tatanggap ka mula sa estado ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig at sasabihin sa iyo ang address at numero ng telepono ng tagaserbisyo sa mga apela ng County, ang taong kakatawan sa County sa pagdinig. Ang iyong talaan ng IHSS ay nasa opisinang iyon. Maraming tagaserbisyo sa mga apela na nagsisikap lutasin ang isang di-pinagkakasunduan nang walang pagdinig. Ang mga tagaserbisyo sa mga apela ay madalas na mas maraming karanasan at kaalaman kaysa mga taong nakaugnayan mo sa lokal na opisina. Ang tagaserbisyo sa mga apela ay maaaring tumawag sa iyo tungkol sa isang "may kondisyong pag-urong" upang magawa ang isang bagong pagtasa. Kung sumasang-ayon ka sa isang may-kondisyong pag-urong ng iyong apela, may karapatan kang ipatakda ang pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa bagong pagtasa o isang desisyon na huwag mag-awtorisa ng mga retroaktibong benepisyo.

4. Pahayag ng Posisyon ng County

Ikaw ay karapat-dapat sa pahayag ng posisyon ng County dalawang araw ng trabaho bago ang pagdinig. Kung ang iyong pagdinig ay sa Biyernes, ikaw ay karapat-dapat sa pahayag ng posisyon sa umaga ng Miyerkules. (Kung ikaw ay karapat-dapat tumingin sa iyong talaan anumang oras mayroon man o wala kang nakabimbing pagdinig. Tingnan ang tala sa itaas sa ilalim ng parapo 2.)

Ang pahayag ng posisyon ng County ay tutulong sa iyo na tukuyin ang ibang katibayan at testigo na maaaring kailanganin mo. Kung hindi ka nakakuha ng kopya hanggang napakalapit na ang oras ng pagdinig, magagawa mong paiwang bukas ang rekord upang magharap ng karagdagang katibayan (tulad ng mga liham o pahayag) upang tumugon sa anumang pahayag sa papel ng posisyon ng County. Kahit na nakuha mo sa oras ang pahayag ng posisyon ng County, maaari mo pa ring paiwang bukas ang rekord upang makapagharap ka ng karagdagang katibayan.

5. Sa Pagdinig

Ang County ang mauuna at sasabihin kung bakit ang iyong mga oras ay binawasan o kung bakit hindi ka dapat magkaroon ng mga karagdagang oras na pinaniniwalaan mong kailangan.

Ang pagdinig ay may kasamang paghaharap ng katibayan (testimonya ng mga testigo, mga liham, talaarawan, mga ulat na medikal) tungkol sa iyong mga pangangailangan sa mga kategorya ng serbisyo kung saan ikaw at ang county ay hindi nagkakasundo. Ang katibayan ay dapat magpaliwanag kung ano ang iyong kailangan, gaano katagal ang pagkakaloob ng

serbisyo, ang dahilan kung bakit kailangan mo ng oras na higit sa nakatakda sa pagtasa o sa mga patnubay ng County, at sa anong mga panganib maaari kang mahantad kung hindi mo matatanggap ang antas ng mga serbisyong hinihiling. Ang mga makatarungang pagdinig ng IHSS ay di-pormal. Ang mahalaga ay ipaliwanag kung bakit kailangan ng higit na oras. Ang pinakamabuting katibayan ay mula sa mga taong nagkakaloob ng pangangalaga at nag-iingat ng rekord ng talaarawan ng oras na kailangan.

Sa mga testigo ay maaaring kabilang – bilang karagdagan sa tumatanggap ng IHSS – ang nakaraan at kasalukuyang tagapagkaloob ng IHSS, tagapayo ng panrehiyong sentro, mga kaibigan at pamilya, atbp. Para sa bawat testigo, ilista ang mga puntos na gusto mong gawin ng testigong iyon at krusan ang bawat puntos pagkatapos na magawa ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungol sa paraan ng pagdinig, bisitahin ang website ng Dibisyon sa mga Pagdinig ng Estado (State Hearings Division) sa www.dss.cahwnet.gov/shd/default.htm

6. Paghingi ng Tulong sa Pagdinig

Para sa karagdagang tulong, tawagan ang panrehiyong sentro (kung ang tumatanggap ng IHSS ay isang kliyente), isang independiyenteng sentro ng paninirahan, isang programang tulong na pambatas, programang pagtataguyod ng nakatatanda, ang walang-bayad na numero ng DRC(800) 776-5746, o ang Western Law Center for Disability Rights (213) 736-1031. Upang malaman ang numero ng telepono ng programang pagtataguyod ng nakatatanda sa inyong lugar, tawagan ang opisina ng inyong county sa pagtanda o sa Kagawaran sa Pagtanda ng Estado sa (800) 510-2020.

Kung ang county ay naghahangad na bawasan ang iyong mga oras o upang alisin ang serbisyo (tulad ng nangangalagang pangangasiwa), dapat ipakita ng county na ikaw ay bumuti o kung paano na ang binagong kalagayan ng pamumuhay ay nangangahulugang kailangan mo ng mas kaunting oras. Tawagan ang DRC upang tumanggap ng isang kopya ng memo na naglalarawan ng responsibilidad ng county.

II. MGA DAHILANG NAGPAPABATID KUNG BAKIT KAILANGAN NG MAS MARAMING ORAS NG IHSS

1. MGA DOMESTIKONG SERBISYO (tingnan ang pahina 1 ng papel ng gawain sa seksiyon IV)

Ang mga regulasyon ng estado ay pangkaraniwang nagpapahintulot ng 6 na oras lamang kada buwan **kada sambahayan** para sa mga domestikong serbisyo. Nang ipinalabas ang mga regulasyon, ipinaliwanag ng estado na ang nakalaang 6 na oras kada buwan ay batay sa pagtanggap ng mga domestikong serbisyo dalawang beses sa isang buwan.

Kung 4 na tao ang nakatira ang inyong bahay, ang kabuuang oras ng IHSS na ipinahihintulot sa tumatanggap ay 1.5 oras kada buwan. (Kung ang kakuwarto ng tumatanggap ay tumitira lamang doon bilang nakatirang tagaasikaso, ang mga domestikong serbisyo ay hindi dapat iangkop sa proporsiyon.) Dapat lamang iangkop sa proporsiyon ng county ang mga oras para sa mga panlahat na lugar ng bahay – ang sariling kuwarto ng tumatanggap at/o banyo ay dapat na iawtorisa nang nakahiwalay. Kung kailangan ng tumatanggap ng higit na oras para sa mga domestikong serbisyo upang manatiling ligtas sa bahay, dapat ipahintulot ng county ang isang eksepsiyon sa 6 na oras kada buwan na patnubay sa oras-sa-gawain. Halimbawa:

a. Ang problemang alerhiya o ukol sa baga ay nagpapabatid ng pangangailangan ng isang kapaligirang walang alikabok at pangangailangan ng madals na pagpupunas at pag-vacuum.

b. Ang basura ay kailangang alisin araw-araw, o mas madalas sa dalawang beses sa isang buwan, dahil sa ipis o ibang problemang vermin.

c. Dahil ang tumatanggap ng IHSS ay nagkakalat ng mga bagay, ang madalas na paglilinis ay kinakailangan, lalo na kung may mga problema sa ipis o vermin.

d. Ang kawalan ng pagpipigil ay nagbubunga ng pangangailangan na linisin ang sahig, muwebles, atbp., nang madalas.

e. Ang lagayan ng basura ay nakalagay sa makalabas ng dalawang pintong doble ang kandado sa likuran ng gusali at 10 minuto ang kailangan upang makapunta at makabalik mula doon.

f. Ang tumatanggap ay kumakain sa higaan. Ang higaan ay dapat linisin ng vacuum at palitan tatlong beses sa isang araw upang tanggalin ang maliliit na piraso ng pagkain. Ang mga sapin ng higaan ay dapat palitan nang mas madalas dahil sa mga tapon.

g. Dahil sa kawalan ng pagpipigil/mga aksidente ng tumatanggap, ang sapin ng higaan ay dapat palitan nang mas madalas sa dalawang beses sa isang buwan (araw-araw, tatlong beses sa isang linggo, minsan sa isang linggo, atbp.)

h. Dahil sa kahinaan ng balat ng tumatanggap at panganib ng mga sugat sa paghiga o decubiti, ang mga kumot ay kailangang panatilihing makinis upang pigilan ang pagbuo ng mga maiinit na lugar; kailangang tiyakin na wala sa higaan na nag-nagkikiskis o nagdudulot ng kati sa balat.

i. Dahil ang tumatanggap ng IHSS ay nagkakalat ng mga bagay, kinakailangan ng mas maraming pagdampot.

j. Dahil ang pasak sa reprihidora ay sira na, mas maraming oras na kailangan sa paglilinis at pag-aalis ng pamumuo sa reprihidora.

k. Dahil ang tumatanggap ng IHSS ay ginugugol ang karamihan ng kanyang mga oras sa higaan o dahil sa pamamawis, ang mga kumot ay kailangang palitan nang mas madalas sa dalawang beses sa isang buwan.

l. Ang pagwisik ng gamot laban sa ipis sa buong gusali ay nangangailangang alisin nang isang beses ang lahat ng gamit sa kusina at hugasan ang mga istante at, pagkatapos wisikan, ibalik. (Ang oras para rito ay makatwiran hindi lamang para sa kalusugan at kaligtasan, kundi kailangan din sa pagtatatag at pagpapanatili ng kalagayan ng independiyenteng pamumuhay dahil ang hindi pagsunod ay maaaring maglagay sa tumatanggap sa panganib na paalisin.)

2. MGA SERBISYONG PERSONAL NA PANGANGALAGA

At mga serbisyong personal na pangangalaga ay dapat tasahin batay sa indibidwal. Tiyakin na bilangin ang oras para sa buong gawain, mula sa simula hanggang sa katapusan.

a. Ang banyo ay madaling puntahan sa pamamagitan ng silyang may gulong. Ito ay nangangahulugan ng karagdagang oras na kinakailangan para maligo at para sa ibang personal na pangangalaga/pag-aayos.

b. Ang mga aksidente sa banyo ay nangangailangan ng karagdagang paglilinis sa pangangalaga ng pagdumi at pag-ihi.

c. Ang tumatanggap ay madaling masaktan – kahit ang pagsusuklay ng buhok ay napakasakit. Ang mga serbisyong personal na pangangalaga ay kailangang gawin nang marahan at maingat.

d. Ang tumatanggap ay kumakain at ngumunguya nang marahan at kailangang udyukan o hawakan ang panga. Ang bawat pagkain ay maaaring tumagal ng hanggang 45 minuto sa pagpapakain.

e. Bagaman kaya ng tumatanggap na kumaing mag-isa, kailangan ng katulong upang tulungang iangat ang mga bagay, at dahil baka mabulunan.

f. Kailangang paliguan nang higit sa dalawang beses kada linggo dahil sa pagkakalat, kawalan ng pagpipigil, mga problema sa balat.

g. Ang balat ay mahina at madaling magkaroon ng maiinit na lugar na nagiging mga sugat sa paghiga o decubiti; kailangang tiyakin na walang kumikiskis o nagdudulot ng kati sa balat tulad ng damit, kung paano ilalagay sa silyang may gulong atbp.

h. Kailangang siyampuhin nang higit sa minsan sa isang linggo dahil sa balakubak, pagkakaroon ng pagkain, atbp. sa buhok.

i. Kailangan ng karagdagang oras para sa komunikasyon sa tagapagkaloob ng IHSS (sa taong may cerebral palsy, na dapat gumamit na board ng salita at alpabeto).

j. Madaling talaban ng mga impeksiyon sa baga kaya ang buhok ay dapat patuyuin pagkaraang masiyampu.

3. MGA KAUGNAY NA SERBISYO

a. Karagdagang oras na kailangan sa paghahanda ng pagkain at/o pagpaplano ng menu dahil:

   i. Kailangan ng tumatanggap ng espesyal na pagkain — pagkaing walang asin at asukal o nangangailangan ng mga sariwang pagkain;

   ii. Kailangan ng tumatanggap na putul-putulin ang pagkain o salain para maging pure (pureed);

   iii. Kailangan ng tumatanggap ng IHSS ng mga likido at/o meryenda sa pagitan ng mga pagkain.

   iv. Ang pagkain ay iba sa ibang mga miyembro ng pamilya kaya ang mga pagkain ay hiwalay na inihahanda.

b. Kailangan ng tumatanggap ng dalawa hanggang tatlong beses na dami ng pagkain dahil sa paralisis ng utak na may sumpong at dahil dito ay nangangailangan ng karagdagang oras para sa paghahanda ng pagkain, pagpaplano ng menu at paglilinis, pamimili at pagpapakain.

c. Karagdagang oras sa paglilinis ukol sa pagkain upang linisin ang mesa, silyang may gulong, at sahig dahil sa pagkakalat.

d. Kailangan ng karagdagang oras para sa paglalaba dahil:

   i. Kailangan ng karagdagang pagpapalit ng sapin ng higaan at damit dahil sa kawalan ng pagpipigil, pagkakalat at ng pangangailangang magbanlaw bago ang paglalaba.

   ii. Kailangan ng karagdagang oras upang sumunod sa mga pangkalahatang pag-iingat kapag ang mga likido ng katawan (ihi, dumi, dugo, laway, uhog, suka) - pagbabanlaw, paghihiwalay sa ibang labahin at hiwalay na paglalaba.

   iii. Kailangang manatili sa labahan dahil sa pagnanakaw.

iv. Kailangang labhan ang damit na may karagdagang pagbabanlaw dahil sa pagiging maramdamin ng balat.

e. Kailangan ng karagdagang oras sa pamimili, nilalakad, dahil sa:

i. Distansiya sa pangunahing pamilihan.

ii. Kailangang pumunta sa pamilihan nang mas madalas o pumunta sa higit sa isang lugar dahil sa espesyal na pagkain, kailangan ng sariwang pagkain.

iii. Madalas na pangangailangang kumuha ng gamot dahil sa mga limitasyon ng Medi-Cal sa dami ng reseta, dahil hindi makukuha ang lahat ng gamot sa isang lugar.

iv. Nakatira sa isang lugar ng maliliit ang kita, kakaunti at mas masikip ang pamilihan kaya mas matagal maghintay sa pila.

v. Kailangang gumamit ng pampublikong transportasyon at mga taksi.

4. TINASA ANG ORAS (at ang mga patnubay batay) sa mga tagapagkaloob na nakakontra sa county ng IHSS na hindi nagkakaloob ng mga serbisyo sa araw ng Sabado at Linggo; kailangan ng kliyente at siya ay karapat-dapat tumanggap ng mga serbisyo kung Sabado at Linggo anuman ang nakalagay sa kontrata sa pagitan ng county at ng ahensiya ng tagaasikaso/gawain sa tahanan.

Salamat kay Jennifer Pittam ng C.H.O.I.C.E.S.S. sa pagtitipon ng marami sa mga dahilang ito.

III. MGA ISPESIPIKONG SERBISYO NG IHSS

IHSS PARA SA MGA BATA

1. ALING MGA SERBISYO NG IHSS ANG MAAARING MATANGGAP NG MGA BATA?

- Δ Mga serbisyong personal na pangangalaga (pagpaligo, paggamit ng banyo, pagsusuot ng damit, pagpapakain, tulong sa paglalakad, atbp.).
- Δ Mga kaugnay na serbisyo (paghahanda ng pagkain, pagpaplano at paglilinis, paglalaba, pamimili ng pagkain).
- Δ Ang mga serbisyong paramedikal (kung itinagubilin ng isang doktor (mga iniksiyon, catheter, pagpapakain sa tubo, pagsipsip).
- Δ Nangangalagang Pangangasiwa (24 na oras na pagsubaybay at pangangasiwa upang mapigilan ang pinsala).
  - Hindi pangkaraniwang pangangalaga o pangangasiwa ng bata.
  - Dapat magpagkita ng magkakaiba sa pagitan ng batang may disabilidad at ibang mga bata na kapareho ang edad.
- Δ Walang mga Domestikong Serbisyo
- Δ Sa teoriya, kung ang mga magulang ay mga tagapagakaloob ng IHSS, ang mga ito ay maaaring iawtorisa nang hindi kukulangin sa 8 oras kada linggo ng sandaling ginhawa kapag ang mga magulang ay namimili, may nilalakad, o may ibang mga bagay na ginagawa para sa pamilya.

2. KAILAN MAKAKATANGGAP NG IHSS ANG AKING MGA ANAK?

- Δ Kapag may disabilidad at maliit ang kita (ang pagtanggap ng SSI ay nangangahulugan ng awtomatikong pagiging karapat-dapat)
- Δ Kung ang kita ay napakalaki para sa SSI, maaaring kuwalipikado na kabahagi ng halaga.
- Δ Kung ang mga magulang ay nasa labas ng bahay at nagtatrabaho, nasa paaralan, pagsasanay.
- Δ Kung ang mga magulang ay hindi makapagkaloob ng pangangalaga dahil sa disabilidad o karamdaman.
- Δ Kung ang magulang ay natutulong o nangangalaga sa ibang mga miyembro ng pamilya.

3. KAILAN MABABAYARAN ANG ISANG MAGULANG BILANG TAGAPAGKALOOB NG IHSS?

- Δ Kung ang magulang ay umalis sa trabaho o hindi makakuha ng trabaho dahil dapat siyang mag-alaga sa anak na may disabilidad, AT
- Δ Kung walang ibang angkop na tagapagkaloob ng pangangalaga (nakahanda at may kakayahan), AT
- Δ Kung ang bata ay nasa panganib na ilagay sa labas ng bahay o di-sapat na pangangalaga.
- Δ Kung ang parehong magulang ay nakatira sa bahay, ang isang magulang ay maaaring bayaran kapag ang ibang magulang ay nagtatrabaho, nasa paaralan, natutulog, may disabilidad.
- Δ Ang mga kabayaran ay hindi makakaapekto sa SSI ng bata, pero makakaapekto sa gawad na kagalingan o pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal.

4. PUWEDE BA AKONG KUMUHA NG IHSS AT MAKAKUHA PA RIN NG SANDALING KAGINHAWAHAN MULA SA PANREHISYONG SENTRO?

Oo. Ang mga serbisyong sandaling kaginhawahan mula sa panrehiyong sentro ay iba sa IHSS. Makakatanggap ka ng IHSS, kabilang ang nangangalagang pangangasiwa, nang hindi mawawala ang mga oras ng sandaling kaginhawahan. Tawagan ang DRC kung sinisikap ng panrehiyong sentro na putulin ang iyong sandaling kaginhawahan dahil tumatanggap ka ng IHSS.

NANGANGALAGANG PANGANGASIWA NG IHSS

1. ANO ANG NANGANGALAGANG PANGANGASIWA?

Ang nangangalagang pangangasiwa ay pagbabantay sa mga taong may malubhang kapansanan upang hindi saktan ang mga sarili sa bahay. Ang isang tagapagkaloob ng IHSS ay maaaring bayaran upang bantayan ang isang batang o may sapat na gulang na may disabilidad upang mapigilan ang mga pinsala o aksidente, kapag ang tao ay nangangailangan ng 24 na oras na pangangasiwa at maaaring manatiling ligtas sa bahay kung ito ay ipagkakaloob.

2. BAKIT MAHALAGA ANG NANGANGALAGANG PANGANGASIWA?

Ang mga taong karapat-dapat sa nangangalagang pangangasiwa ay laging binibigyan ng pinakamaraming bilang ng mga buwanang oras – hindi kukulangin sa 195 para sa mga taong hindi malubha ang kapansanan at 283 para sa mga taong “malubha ang kapansanan.” Makukuha nila ang pinakamaraming oras kahit na bawasan ng county ang mga oras para sa ilang serbisyo ng IHSS.

3. ANO ANG MGA KONDISYON PARA MAGING KARAPAT-DAPAT?

- Ang tao ay nagpapakita ng ilang malubhang kapansanan ng isip, mahinang pagpapasiya (paggawa ng masasamang desisyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan), pagkalito/kawalan ng direksiyon (paggagala, pagkawala, hindi matiyak ang mga tao, araw o oras) o masamang memorya (nakakalimot magsimula o magtapos ng isang bagay). Ang mga nasabing kapansanan ay maaaring mangyari sa pagkaantala ng isipan, autismo, Alzheimer at dementia, mga disabilidad na pangkaisipan. *Payo: Ang pinakamabuting paraan upang magpakita ng malubhang kapansanan ay ang pagbibigay ng mga halimbawa ng ginagawa ng tao na maaaring maging sanhi ng mga pinsala. Kumuha ng mga pantulong na pahayag mula sa sinumang nag-aalaga sa tao.*
- Ang tao ay maaaring masaktan kung iiwang mag-isa sa bahay (lalabas ng bahay, magpapapasok ng di-kilalang tao, bubuksan ang kalang gas, magsusunog, iiwang tumatakbo ng tubig, kakain ng mga maling pagkain o mga bagay na hindi nakakain, mag-uuntog ng ulo, kakagatin ang sarili, magkakamot, gagamit ng mga kutsilyo at matatalas na bagay). *Payo: Mag-ingat ng talaan upang ilarawan ang lahat ng maaaring maging aksidente na mangyayari kung iiwang walang nangangasiwa sa tao.*
- Ang tao ay dapat pangasiwaan 24 na oras sa isang araw (ang mga kaibigan o kamag-anak na nakatira sa bahay, mga guro sa paaralan o programang pang-araw, at mga tsuper ng kotse o bus). *Payo: Ang pag-iingat ng talaarawan ay magpapakita na ang mga mapanganib na kilos ay maaaring mangyari anumang oras sa araw o gabi. Ito ay magpapakita rin na ang tagapag-alaga ay nagkakaloob ng nangangalagang pangangasiwa upang mapigilan ang mga pinsala o aksidente.*

Ang nangangalagang pangangasiwa ay hindi makukuha:

- Para sa palakaibigang pagbisita o pakikisalamuha.
- Kapag ang pangangailangan ay sanhi ng kondisyong medikal *at* ang tao ay nangangailangan ng pangangasiwang medikal.
- Sa paghihintay ng kagipitang medikal.
- Upang pigilan ang agresibo o hindi palakaibigang asal.

4. ANG MGA BATA BA AY MAKAKAKUHA NG NANGANGALAGANG PANGANGASIWA?

Oo, pero kailangan ng bata ang pangangasiwa dahil sa kanyang disabilidad, hindi pangkaraniwang pag-aalaga ng bata. Kailangan ng bata ng pangangasiwang mas masusi sa ibang mga batang may kaparehong edad.

5. PAANO KO MAIPAPAKITA NA ANG BATA AY NANGANGAILANGAN NG NANGANGALAGANG PANGANGASIWA?

- Δ Gumawa ng listahan ng bawat aksidente o kamuntik na aksidente sa nakaraang anim na buwan.
- Δ Mag-ingat ng listahan para sa dalawang linggo na naglalarawan ng bawat aksiyon na ginagawa ng tao na maaaring maging sanhi ng pinsala, at gaano kadalas ito nangyayari (naglalakad sa kalye nang hindi tumitingin, binubuksan ang kalan, nakakalimutang patayin ito).
- Δ Kumuha ng mga liham ng doktor na tulong mula sa panrehiyong sentro upang talakayin ang edad ng tao at katumbas na antas ng pagganap, at ilarawan kung paano ang tao ay nagtataglay ng mahinang memorya, pagpapasiya, pagkalito o kawalan ng direksiyon.
- Δ Ipakita kung paano ang bahay ay magagawang lubos na ligtas para sa isang tao.

6. MGA DAHILAN NG COUNTY AT PAANO SASAGUTIN ANG MGA ITO

Ang mga county ay gumagamit ng maraming pangkaraniwang dahilan para sabihin sa mga tao na sila ay hindi karapat-dapat. Narito ang isang listahan ang ilang paraan upang salungatin ang mga ito.

Dahilan ng County	Ilang tugon
Mayroon bang malubhang kapansanan ng isip?	
Ang malulubhang kapansanan ng isip ay hindi napansin sa pagbisita sa bahay.	Ang iyong talaarawan, pahayag ng doktor, mga rekord ng panrehiyong sentro, napakaikling pagbisita sa bahay, napansing asal at hindi sinagot ang mga tanong sa patnubay; Porma SOC 293, Linya H ay nagpapakita ng 5 para sa iang kapansanan ng isip.
Kailangan ng nangangalagang pangangasiwa dahil sa kapansanan ng katawan, hindi kapansanan ng isip.	Dahil sa kapansanan ng isip hindi naiintindihan ang mga kapansanan ng katawan, hindi naiintidihan o nakikita ang mga bunga ng mga aksiyon sa mga kapansanan ng katawan - i.e., nagsisikap tumayo upang maglakad nang walang tulong kapag hindi ito magawa nang walang mapanganib na mapinsala, kakain ng matatamis kahit na malagay sa panganib dahil sa diabetes, sisikaping tanggalin ang benda o tubo o suhay dahil masakit ito o makati, atbp.
Ang mga kapansanan ng katawan ay sanhi ng mapanganib na asal.	Ang mga kapansanan ng isip ay sanhi rin nito; hindi kinakailangang ipakitang ang tanging sanhi ay pangkaisipan.

Dahilan ng County	Ilang tugon
Mayroon bang mapanganib na asal sa bahay?	
Ang pormal na pagsusuri ng kondisyon ng isip ay hindi nagpapatunay ng pangangailangan.	Pahayag ng doktor ng pangkaraniwang asal para sa taong may gayong pagsusuri.
Walang pinsala kamakailan.	Ang tumatanggap ay lubos na pinangangasiwaan.
Walang katibayan ng mapanganib na asal sa pagbisita sa bahay ng tagaserbisyo ng county.	Ang dalas ay hindi batay sa oras, nakaligtaan sa araw bago at pagkatapos; hindi makagawa ng pahayag na panlahat mula sa isang oras hanggang 24 oras sa isang araw.
Ang "kumpletong" paralisis ng katawan ay pumipigil sa tumatanggap na gumawa ng anumang bagay na mapanganib.	Anumang sinadyang aksiyon na mapanganib, paghila ng catheter, tubong-G, atbp.
Agresibo at hindi palakaibigan kung nananakit ng tao o naninira ng ari-arian.	Sa mga may sapat na gulang: mga aksiyong nakakasakit sa sarili tulad ng pagkagat sa sarili, pag-untog ng ulo, paninira ng ari-arian na nakakasakit sa sarili, ay karaniwan sa kondisyong pangkaisipan. Sa mga bata: ang pangkaraniwang asal ay madalas na agresibo at hindi palakaibigan.
Kailangan ba at tinatanggap ang 24 na oras na pangangasiwa?	
Hindi kailangan ng 24 na oras dahil hindi pinangangasiwaan – tulad sa bus, o sa kotse.	Laging pinangangasiwaan, bus/kotse ay kontroladong tagpuan na may tsuper na may sapat na gulang.
Kung minsan ang tumatanggap ay naiiwang mag-isa kaya hindi 24 na oras na napapangasiwaan.	Hindi ito abot-kaya, may tumitingin, masuwerte walang mga aksidente, lumalala ang kondisyon ng tumatanggap.
Kailangan ng pisikal na patnubay, hindi lamang pagbabantay o utos na salita.	Kasama sa pangangasiwa ang patnubay, ilang pamamagitan.
Ayaw ng pamilya ng kalayaan, sobrang nangangalaga sa bahagyang may pagkaantala.	Karagdagang kalayaan ay naging sanhi ng mga pinsala o malapit na pinsala sa nakaraan; ang iba (doktor ng panrehiyong entro) ay nagrerekomenda ng 24 na oras na pangangasiwa.
Baguhin ang kapaligiran upang maaalis ang mga panganib: walang pihitan ng kalan, ikandado ang mga kasangkapan; talian ang silyang may gulong, pagtali sa silyang may gulong, walang pihitan sa mainit na tubig; mas mataas na baranda	Hindi magawa ang lahat ng pagbabago; ang iba ay ginawa ang bahay na alagaan o seldang kulungan; mas matanda ang tumatanggap, mas kaunti ang magagawang pagbabago nang hindi mababago ang namumukod na katangian ng tahanan.

Dahilan ng County	Ilang tugon
ng higaan laban sa paggala sa gabi; itali ang mga muwebles.	
Naglalaro ang bata sa labas nang walang pangangasiwa ng may sapat na gulang.	May bakod ang looban; hindi makakaakyat palabas; walang panganib sa looban.
Laging kailangan ng mga bata na pangasiwaan ng isang may sapat na gulang.	Ang mga magulang ay hindi laging nakikita ng mga batang walang disabilidad ng isip; kailangan ng bata ng pangangasiwa ng isang mas matanda sa bata. Mas bata, mas matindi ang asal. Mas mahirap sa mga batang wala pang 2.
Pumunta sa klase ukol sa asal ng magulang.	Hindi malulutas ang nakapaloob na asal, pumunta at hindi nagtagumpay, pupunta pero kailangan ito hanggang mapatunayan.
Ibang mga Isyu **Ang tumatanggap ba ay hindi na karapat-dapat?**	
Ang county ay di-wastong ginawaran ng nangangalagang pangangasiwa; muling pagtasa nagpakita na walang paunawa ng pagtatapos ng pagiging karapat-dapat.	Walang pagbabago sa SOC 293, Linya H, sa pagmarka ng pagganap ng isipan; walang pagbabago sa kondisyon ng bahay ng tumatanggap o katawan, umapela kaagad upang panatilihin ang IHSS hanggang pagpasiyahan.
Ang magulang ba ay karapat-dapat bilang tagapagkaloob (may kakayahan at pagkakataon)?	
Magulang ay makakapagtrabaho nang buong oras (40 oras/linggo) sa pamamagitan ng paglalagay sa anak sa alagaan pagkalabas na paaralan (tuntuning may kakayahan at pagkakataong magulang).	Walang angkop na tagapag-alagang pang-araw, hindi makakuha ng tagapag-alaga ng bata para sa pinakamababang sahod, kailangan ng bata ng espesyal na pagpukaw mula sa magulang.
Ang magulang ay nagtatrabaho ng kulang sa 40 oras pero magagawang magtrabaho ng buong oras.	Madalas na pagpunta sa doktor, ibang mga kagipitan, tensiyon, pinipigilan ang trabahong buong oras, nawala ang dating trabahong buong oras.

30-757 NILALAMAN NG PROGRAMA

.17 Nangangalagang Pangangasiwa na binubuo ng pagmamasid sa asal ng tumatanggap upang pangalagaan ang tumatanggap laban sa pinsala, panganib o aksidente.

.171 Ang serbisyong ito ay makukuha para sa pagsubaybay ng asal ng mga taong hindi makaganap mag-isa, nalilito, may kapansanan sa isip, o may sakit sa isip, na may mga sumusunod na eksepsiyon:

(a) Hindi kasama sa pangangasiwa ang pakikipagkaibigang pagbisita o ibang pakikisalamuha.

(b) Ang pangangasiwa ay hindi makukuha kapag ang pangangailangan ay sanhi ng isang kondisyong medikal at ang anyo ng pangangasiwang kinakailangan ay medikal.

(c) Ang pangangasiwa ay hindi makukuha sa paghihintay ng kagipitang medikal.

(d) Ang pangangasiwa ay hindi makukuha upang pigilan ang asal na agresibo o hindi mapagkaibigan ng tumatanggap.

.172 Ang nangangalagang pangangasiwa ay makukuha sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

(a) Ipinasiya ng mga tauhan ng serbisyong panlipunan na may dalawampu't-apat na oras na pangangailangan para sa nangangalagang pangangasiwa at ang tumatanggap ay maaaring manatiling ligtas sa bahay kung ipagkakaloob ang nangangalagang pangangasiwa.

(b) Ipinasiya ng mga tauhan ng serbisyo na ang buong dalawampu't-apat na oras na pangangailangan para sa nangangalagang pangangasiwa ay matutugunan sa pamamagitan ng alinman sa sumusunod, o kombinasyon ng sumusunod:

(1) IHSS

(2) Mga panghaliling tagatulong.

(3) Isang serbisyo ng muling pagbibigay-tiwala sa telepono kapag magagawa at angkop.

.173 Dapat talakayin ng mga tauhan ng serbisyo sa tumatanggap, o sa tagapangalaga o conservator ng tumatanggap, ang kaaangkupan ng pangangalaga sa labas ng bahay bilang panghalili sa nangangalagang pangangasiwa.

MGA SERBISYONG PARAMEDIKAL NG IHSS

1. ANO ANG MGA SERBISYONG PARAMEDIKAL?

Ang mga serbisyong paramedikal ay itinatagubilin ng isang doktor para sa kalusugan ng isang tao at nangangailangan ng ilang pagsasanay at pagpapasiya upang magampanan. Ang mga karaniwang serbisyo ay iniksiyon, irigasyon ng colostomy, pagpasok/pangangalaga ng catheter, pagsipsip, pagpapakaing sa tubong G at NG, pangangalaga sa ventilator at oksiheno, impaksiyon ng dumi, abot ng galaw upang mapabuti ang pagganap, pangangalaga ng sugat/decutibitus ulcer at ibang mga serbisyo na nangangailangan ng mga isterilisadong pamamaraan. *Pinakamalaking Problema*: Ang mga tagapagkaloob ay hindi humihingi ng sapat na oras upang kumpletuhin ang buong serbisyo, mula sa paghahanda hanggang sa paglilinis. Ang mga tagapagkaloob ay hindi humihingi ng karagdagang oras na maaaring kailanganin para sa pag-iingat ng rekord – tulad ng para sa pagsusuri ng diabetes at pagbibigay ng mga iniksiyon.

2. BAKIT MAHALAGA ANG MGA SERBISYONG PARAMEDIKAL?

Ang mga taong nangangailangan ng masalimuot na pangangalagang medikal ay makakatigil sa bahay sa halip na pumunta sa mga bahay na alagaan. Ang mga doktor lamang ang maaaring magpasiya kung anong mga serbisyo ang dapat ipagkaloob ng county at kung ilang oras ang dapat nitong bayaran. Hindi mababawasan ng county ang mga oras ng serbisyo na inorder ng doktor. Hindi kailangan ng mga tagapagkaloob ang anumang espesyal na lisensiya upang gampanan ang mga serbisyo.

3. ANO ANG MGA KONDISYON SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT?

a. Kinukumpleto ng doktor at pinipirmahan ang order para sa mga serbisyo sa mga oras na kinakailangan: Ang doktor ng tumatanggap ay nagpapasiya sa lahat ng mga kondisyon ng pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pagpirma sa order na nagtatagubilin ng mga serbisyo at oras.

b. Ang tao ay hindi makakaganap ng serbisyo: May mga kapansanan ng isip at katawan na pumipigil sa tao na gawin ang serbisyo, tulad ng pagbibigay ng iniksiyon o pagbabago ng catheter.

c. Ang serbisyo ay nangangailangan ng pagsasanay at pagpapasiya upang makaganap: Ang tagapagkaloob ay tumatanggap ng pagsasanay mula sa doktor o ibang propesyonal sa kalusugan sa mga hakbang na gagawin at kung paano gagawin ang bawat isa upang makumpleto ang serbisyo. Ang mga hakbang ay nangangailangan ng maingat na pagmamasid sa tumatanggap upang maiwasan ang mga pagkakamali.

4. PAANO AKO MAG-AAPLAY PARA SA MGA SERBISYONG PARAMEDIKAL?

Makipag-usap muna sa gumagamot na doktor o sa mga propesyonal sa kalusugan na nakikipagtulungan sa doktor kung anong mga serbisyo ang kailangan at ang bawat hakbang upang gampanan ang mga ito nang wasto. At saka mag-ingat ng talaarawan para sa isang linggo tungkol sa kung gaano kadalas na ang bawat serbisyo ay ginagampanan at gaano katagal na kinukumpleto ito, mula sa paghahanda hanggang sa paglilinis. Magbigay sa doktor ng impormasyon tungkol sa oras upang makumpleto ang Porma SOC 321.

5. MGA TAKTIKA NG COUNTY AT KUNG PAANO TUTUGON SA MGA ITO

Ang mga county ay gumagamit ng maraming taktika upang itanggi o baguhin ang mga serbisyong inawtorisa ng mga doktor. May mga paraan upang mapigilan ang mga ito na magkabisa.

Mga taktika ng county	**Paano tutugon**
Sasabihin sa iyo ng county na may mga serbisyo na maaaring hindi ipahintulot bilang serbisyong paramedikal.	Talakayin ang serbisyo sa doktor. Ipaliwanag na anumang serbisyong tinatawag na sanay na pag-aalaga sa ilalim ng Medi-Cal/Medicare ay kuwalipikado. Pangkaraniwang alam ng mga doktor ang mga ito.
Sinisikap ng county na kumbinsihin ang doktor na baguhin ang order para sa mga serbisyo o oras.	Kumunsulta muna sa doktor at kumuha ng pahintulot ng mga oras batay sa iyong talaan, talakayin ang iyong mga kondisyon at ang pangangailangang pangalagaan ang kaugnayan ng doktor-pasyente laban sa panlabas na panghihimasok. Ipaliwanag na ang desisyon ng doktor sa pinirmahang Porma 321 ay pangwakas at dapat sumunod ang county.
Ang nars ng county ay nagmamasid isang araw at ibinabatay ang mas kaunting oras sa kanyang mga obserbasyon at tumatawag sa doktor.	Nagpapakita ang talaan na nag-iiba ang oras; ang karaniwang oras ay mas malaki sa araw ng obserbasyon.
Magkakaloob ang ahensiyang pangkalusugan sa bahay, mag-aplay muna doon.	Hindi mga panghaliling tagatulong dahil ang ahensiyang pangkalusugan sa bahay ay nagkakaloob ng mga serbisyong limitado ang oras.

Ang abot ng galaw ay serbisyong personal na pangangalaga kung saan ang county ang nagpapasiya ng pagiging karapat-dapat at mga oras.	Kapag ang doktor ay nagtagubilin ng abot ng galaw upang **pabutihin** din at panatilihin ang tungkulin nang magkasabay, ito ay isang serbisyong paramedikal.
Ang county ay tumatanggi sa pagsubaybay para sa pagkakaloob ng ilang ispesipikong serbisyong paramedikal.	Ang doktor ay nagtatagubilin ng pagsubaybay upang magkaloob ng serbisyo. Sa ngayon ang estado ay hindi pa nagpapahintulot ng pagsubaybay (patuloy na sanay na obserbasyon) bilang isang serbisyong paramedikal. Para sa tulong, tawagan ang PAI para sa 12/30/94 memo nito tungkol sa paksa. Kung ang mga pamamagitan upang magkaloob ng serbisyo ay madalas, ang kabuuang oras ay maaaring maging kapantay ng pinakamaraming oras (283).

“Mga Serbisyong Pansuporta” ng § 12300.1 ng Batas sa Kagalingan at mga Institusyon

Gaya ng ginamit sa Seksiyon 12300 at sa artikulong ito, ang “mga serbisyong pansuporta” ay kabilang ang mga kailangang serbisyong paramedikal na inorder ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na pinahihintulutan ng batas na gawin ito, mga taong makakapagkaloob para sa mga sarili kung walang mga limitasyon sa pagganap. Kabilang sa mga serbisyong paramedikal ang pagbibigay ng gamot, pagbutas sa balat o pagpapasok ng kagamitang medikal sa butas ng katawan, mga gawaing nag-aatas ng mga isterilisadong pamamaraan, o ibang mga gawaing nangangailangan ng pagpapasiya batay sa pagsasanay na ibinigay ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga kailangang serbisyong ito ay dapat gawin ng mga tagapagkaloob sa ilalim ng tagubilin ng isang lisensiyadong propesonal sa pangangalaga ng kalusugan na napapailalim sa may-kaalamang pahintulot ng tumatanggap na nakuha bilang bahagi ng order para sa mga serbisyo. Anuman at lahat ng pagtukoy sa Seksiyon 12300 dati o pagkaraang pagtibayin ay dapat ituring na mga pagtukoy sa seksiyong ito. Lahat ng pagtukoy na pambatas sa mga serbisyong pansuporta na tinukoy sa Seksiyon 12300 ay dapat ituring na kabilang sa mga serbisyong paramedikal.

IHSS PARA SA MGA TAONG MAY MGA DISABILIDAD NA PANGKAISIPAN

1. ANG MGA TAO BANG MAY MGA DISABILIDAD NA PANGKAISIPAN AY MAAARING MAKAKUHA NG IHSS?

Oo. Ang IHSS ay hindi lamang para sa mga taong may mga disabilidad na pangkatawan o debelopmental. Ang mga taong may mga disabilidad na pangkaisipan ay maaari ring maging kuwalipikado kung sila ay nangangailangan ng tulong upang makatira sa sariling bahay[1] o sa bahay ng isang kamag-anak.

2. PAANO KO MAIPAPAKITA NA KAILANGAN ANG IHSS?

Narito ang ilan sa mga dahilan kung bakit ang isang taong may disabilidad ay maaaring mangailangan ng tulong sa pamamagitan ng IHSS o mga serbisyong personal na pangangalaga upang makatira sa sarili nilang bahay o sa bahay ng isang kamag-anak o kaibigan:

l. Pangangailangan ng mga "pag-udyok"[2] upang gumising sa umaga at gawin ang pang-araw-araw na gawaing tulad ng pagpaligo, pag-aayos, pagsusuot ng damit, pag-inom ng gamot, pagkain. Ang mga pag-udyok at tulong sa paghahanay ay mga katawagang naglalarawan ng tulong na kailangan ng tao sa pagsisimula ng isang gawain at sa pagpunta mula sa isang hakbang patungo sa iba. Dahil sa disabilidad ng tao o sa mga di-hangad na epekto ng gamot, maaaring hindi laging magawa iyan ng tao nang walang ibang taong magbibigay ng gabay sa paraan.

---

[1] Maaaring kabilang sa "bahay" ang apartment na tinitirahan mo kasama ng ibang mga tao o isang silid ng otel. Hindi ka karapat-dapat sa IHSS para sa sa mga serbisyong personal na pangangangalaga kung ikaw ay nakatira sa isang bahay na tirahan at alagaan o pasilidad na tirahan. *Gayunman*, ang mga serbisyong ito ay maaaring makatulong sa iyo na lumipat sa sarili mong apartment o silid ng otel mula sa tirahan at alagaan.

[2] Ang mga "Pag-udyok" at "Hudyat" at "paghananay" ay mga pamamagitang pisikal at binibigkas upang malampasan ang hadlang ng disabilidad para simulan ang isang gawain, patungo sa paggawa ng mga hakbang na kailangan upang makumpleto ang gawain, patungo sa pagsunod ng mga tamang hanay sa pagkumpleto ng mga gawain o isang gawain. Ang mga limitasyon sa pagganap na nagkakaloob ng batayan sa paghahanap ng isang kapansanan ng isip para maging kuwalipikado sa SSI ay kabilang ang "[k]akulangan ng konsentrasyon, sigasig o tulin na bunga ng madalas na kabiguang makumpleto ang mga gawain sa tamang oras. . . ." Ito ay mula sa pamantayang "B" sa ilalim ng mga nakalista sa kapansanan ng isip 12.01, Apendise 1, Napapailalim na bahagi P, 20 CFR Bahagi 404. Kabilang sa ibang pamantayang "B" ang "[k]apansin-pansing paghadlang sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay" at "...pagkasira ng mga nag-aagpang na asal."

2. Katulad nito, ang mga “pag-udyok” ay maaaring kailanganin upang tulungan ang tao na magawa ang iba-ibang gawain na humahantong sa pagpunta sa higaan sa gabi.
3. Paghahanda ng mga pagkain na maaaring hindi mag-isang magawa ng isang tao nang patuloy at ligtas.
4. Mga tagapagpagunita upang kumain at uminom ng tubig.
5. Pamimili, paglilinis, paglalaba, paghahanda ng menu.
6. Pangangailangan ng pagsubaybay at pamamagitan bilang “nangangalagang pangangasiwa” dahil maaaring ipalagay ng isang tao ang isang walang-panganib, mabuting kalagayan na nagbabanta sa kanya at sa palagay niya ay nangangailangan ng isang tugon na maaaring maging sanhi ng pinsala sa sarili. Sa ganyang kaso ang isang tao ay maaaring mangailangan na ilihis ang kanyang atensiyon, tumulong na maunawaan na walang banta, o kumilos upang mapigilan ang pinsala.

3. PAANO KO MAIDODOKUMENTO ANG PANGANGAILANGAN NG IHSS?

Ang mga manggagawa mula sa Kagawaran ng Kagalingan ng County na nag-aayos ng mga aplikasyon para sa IHSS o mga serbisyong personal na pangangalaga ay nagtatrabaho pangunahin sa mga taong may mga disabilidad na pisikal (nasa isang silyang may gulong o hindi makagawa ng mga bagay dahil sa matinding artritis) o mga disabilidad na na nauukol sa pag-unawa (pagkaantala ng isipan o nakatatandang may Alzheimer). Ang mga ito ay hindi ginagamit sa mga aplikasyon mula sa mga taong may mga disabilidad na pangkaisipan. Iyan ay nangangahulugan na ang tagaserbisyo ng county ay mangangailangan ng karagdagang tulong mula sa iyo at sa taong tumutulong sa iyo para maintindihan kung bakit kailangan mo ng tulong ng pangangalaga ng tagapaglingkod sa iyong bahay. Kakailanganin mo ng isang liham mula sa iyong psychiatrist o sa manggagawang panlipunan sa klinikang pinupuntahan mo o sa sikologo mo o tagapamahala ng kaso – o sinumang tumutulong sa iyo at alam ang iyong mga pangangailangan. Ang liham ay dapat magpaliwanag ng mga sumusunod:

(a) Ang mga bagay na kailangan mo ng tulong at ang uri ng tulong na kailangan mo.

(b) Kung bakit kailangan mo ng tulong na iyan dahil sa iyong disabilidad. Halimbawa, ang psychiatrist o manggagawang panlipunan o sikologo mo ay makakapagpaliwanag na ang iyong mga gamot at ang iyong disabilidad ay ginagawang mahirap para sa iyo na gumising sa tamang oras at gawin ang ibang mga hakbang sa umaga nang walang tulong.

(c) Kung paano na ang hindi pagtanggap ng tulong na kailangan mo ay maaaring mangahulugan na hindi mo magagawang patuloy na mamuhay nang mag-isa sa sarili mong bahay o silid ng otel o apartment.

(d) Kung paano na ang hindi mo pagtanggap ng tulong ay maaaring magpalala ng iyong kondisyon. Halimbawa, kung walang tulong sa pagbangon nang palagian araw-araw at pag-aayos ng iyong apartment, ang iyong pang-araw-araw na buhay ay magiging magulo at magtutulak sa iyo sa krisis. Kung walang tulong sa pagkakaloob ng kayarian at kaayusan sa iyong buhay, ikaw ay nanganganib ng dumanas ng krisis na maaaring mangahulugan ng pagbisita sa isang silid na pangkagipitan.

4. SAAN AKO MAKAKAPUNTA UPANG MAKAHINGI NG TULONG NA MAKAKUHA NG IHSS?

Kung ikaw o ang mga taong tumutulong sa iyo ay nagkaproblema sa pagkuha ng mga serbisyong pangangalaga ng tagapaglingkod na kailangan mo, tawagan ang Protection & Advocacy sa 1-800-776-5746. Humingi ng pakikipagtipan sa isang Tagapagtaguyod. Ang karapatan ng mga taong may mga disabilidad na pangkaisipan upang makakuha ng IHSS o mga serbisyong personal na pangangalaga na kailangan nila upang makatira sa sarili nilang bahay ay isang priyoridad sa amin.

IV. PAPEL NG GAWAIN NG IHSS

MGA SERBISYONG PANSUPORTA SA LOOB NG BAHAY
PAPEL NG GAWAIN NG SARILING PAGTASA

MGA SERBISYO	MGA ARAW							LINGGUHAN
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUAN
Mga Domestikong Serbisyo: Para lamang sa mga may sapat na gulang. Ang mga bata ay hindi karapat-dapat tumanggap ng mga oras ng domestikong serbisyo. Ang mga domestikong serbisyo ay karaniwang hanggang 6 na oras lamang kada buwan kada sambahayan at hinahati sa bilang ng mga tao sa sambahayan. Kung kailangan mo ng karagdagang oras ng mga domestikong serbisyo dahil sa disabilidad ng tumatanggap (halimbawa, mas madalas na paglilinis ng banyo dahil sa kawalan ng pagpipigil, madalas na pag-aalis ng alikabok dahil sa hika, atbp.), markahan ang oras na kailangan sa mga hanay sa ibaba. Tingnan ang seksiyon II ng Pakete sa Makatarungang Pagdinig at Sariling Pagtasa para sa karagdagang impormasyon.								
MGA DOMESTIKONG SERBISYO a. Pagwawalis at pag-vacuum								
b. Paghuhugas ng mga counter ng kusina								
c. Paglilinis ng hurnuhan at kalan								
d. Paglilinis at pag-aalis ng pamumuo sa reprihidora								
e. Paglilinis ng banyo								
f. Pag-iimbak ng pagkain at mga gamit								
g. Paglalabas ng basura								
h. Pagpupunas at pagdampot								
i. Pagdadala ng gatong sa pagpapainit o pagluluto mula sa lagayan ng gatong sa looban, sari-sari								
j. Pagpapalit ng mga sapin ng higaan								
k. Sari-sari								
KABUUANG DOMESTIKONG SERBISYO								

MGA SERBISYO	MGA ARAW																					LINGGUHANG KABUUAN
	Lunes			Martes			Miyerkules			Huwebes			Biyernes			Sabado			Linggo			
MGA KAUGNAY NA SERBISYO																						
a. Paghahanda ng mga pagkain, paghahain ng mga pagkain, pagpuputol ng pagkain*																						
b. Paglilinis ng pagkain at pagpaplano ng menu**																						
c. Paglalaba, pagsusulsi, pamamalantsa, paghihiwa-hiwalay, pagtitiklop at pagtatago ng mga damit (60 minuto kada linggo ang ipinahihintulot kung sa loob ng bahay, 90 minuto kada buwan kung sa labas ng bahay)***																						
d. Pamimili ng pagkain (60 minuto kada linggo ang pinakamarami)***																						
e. Ibang mga nilalakad (30 minuto kada linggo ang pinakamarami)***																						
KABUUANG KAUGNAY NA SERBISYO																						

****Kung kailangan mo ng higit sa ipinahihintulot na oras para sa mga serbisyong ito dahil sa disabilidad ng tumatanggap (i.e., pamimili araw-araw para sa sariwang pagkain, madalas na paglalaba dahil sa pagkakalat ng pagkain, atbp.), at saka markahan ang oras na kailangan sa mga hanay.

MGA SERBISYO	MGA ARAW							LINGGUHANG KABUUAN
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	
MATINDING PAGLILINIS								
MGA PERSONAL NA SERBISYONG DI-MEDIKAL a. Paghinga*								
b. Pangangalaga ng pagdumi/pag-ihi (kasama ang tulong nasa/wala sa hugasan)*								
c. Pagkain at pag-inom*								
d. Mga pagpaligo sa higaan*								
e. Pagsusuot ng damit*								
f. Pangangalaga ng regla*								
g. Paglalakad*								
h. Pagpunta at pag-alis ng higaan*								
i. Pag-aayos ng katawan, pagpaligo, pangangalaga ng buhok, ngipin at mga kuko ng daliri*								
j. Pagkuskos ng balat upang tumulong sa sirkulasyon, pagbaliktad sa higaan, pagpapalit ng posisyon ng silyang may gulong, tulong sa loob at labas ng mga sasakyan*								
k. Pangangalaga at tulong na may prosthesis (kabilang ang silyang may gulong)*								
KABUUANG SERBISYONG PERSONAL NA PANGANGALAGA								

MGA SERBISYO	MGA ARAW							LINGGUHANG KABUUAN
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	
TRANSPORTASYONG MEDIKAL								
a. Sa mga pakikipagtipang medikal _								
b. Sa mga panghaliling tagatulong								
PAG-ALIS NG PANGANIB SA LOOBAN								
NANGANGALAGANG PANGANGASIWA								
PAGTUTURO AT DEMONSTRASYON								
MGA SERBISYONG PARAMEDIKAL* (i.e., paggamit ng catheter, iniksiyon, mga ehersisyong abot ng galaw, atbp., tukuyin) a.								
b.								
KABUUANG LINGGUHANG SERBISYO (Lahat maliban sa mga Domestikong Serbisyo)								
Imultiplika sa 4.33 upang makuha ang buwanang kabuuan								
At mga Domestikong Serbisyo (6 na oras kada buwan ang pinakamarami maliban kung higit pa ang kailangang oras ay makikita sa pahina 1 sa itaas)								
KABUUANG BUWANANG SERBISYO								

* Kung ang mga oras na may asterisko ay kapantay ng 20 o higit na oras sa isang linggo, ang tumatanggap ay kuwalipikado bilang “malubha ang kapansanan.”

** Ang mga oras ng paglilinis ng pagkain ay kasama sa pagpapasiya kung malubha ang kapansanan kung ang tulong ng IHSS sa paghahanda ng pagkain at pagkain ay kailangan.

_ Ang IHSS ay magbabayad sa oras ng transportasyon upang madala ka doon at pabalik pero karaniwang hindi ang oras habang nasa doktor o klinika. Kapag hindi sakop ng IHSS ang oras ng paghihintay, ang IHSS ay dapat sumakop sa oras ng transportasyon para sa 4 na biyahe: doon at pabalik upang ibaba; doon at pabalik upang damputin.